

ANG IYONG MGA KARAPATANG UMAPELA

Bilang isang nagtataglay o aplikante ng taunang lisensya sa California...

Maaaring may karapatan kang umapela kung ang Departamento ng Pagkontrol sa Cannabis (Department of Cannabis Control, DCC) ay nag-isyu ng hindi magandang desisyon tulad ng:

- Pagtangi sa iyong aplikasyon para sa taunang lisensya.
- Pagsuspende, pagbawi, o pagkansela ng iyong lisensya.
- Paglalagay sa probation ng iyong lisensya.
- Pagpataw ng kondisyon sa iyong lisensya tulad ng mga paghihigpit sa oras ng negosyo, o pag-uulat na nauugnay sa pagtalima, at maraming iba pa.
- Pagpataw ng multa o parusa sa iyong lisensya.

Kumonsulta sa isang abugado kung may mga tanong ka tungkol sa kung maaaring i-apela ang desisyon laban sa iyong taunang lisensya.



Ano ang Cannabis Control Appeals Panel (CCAP)?

Ang CCAP ay isang quasi-judicial panel na awtorisadong magsuri ng mga desisyon ng DCC. Ang mga miyembro ng panel ay itinalaga ng Gobernador at ng Lehislatura, at kumikilos bilang mga hukom sa pagsusuri ng mga kasong inaapela.



Paano ako maghahain ng apela?

Pumunta sa website ng CCAP sa www.ccap.ca.gov para sa isang checklist kung paano maghain ng apela, glossary ng mga legal na salita, at ang mga form na kinakailangan para magsimula ng apela. Bilang karagdagan, mayroong seksyon ng mga madalas itanong sa simula ng proseso ng pag-aapela, mga briefing, mga pagdinig, at iba pang mga tanong tungkol sa patakaran.



Ano ang mangyayari kung maghain ako ng apela?

Susuriin ng CCAP ang mga legal na batayan para sa pagdidisiplina at lahat ng ebidensyang isinumite sa kaso at gagawa ng desisyon. Maaaring baligtarin ng CCAP ang desisyon ng DCC, na magbabaliklad sa pagkilos laban sa iyong lisensya o pag-aplay ng lisensya. Bilang alternatibo, maaaring pagtibayin ng CCAP ang desisyon ng DCC, at pananatilihin ang pagpapatupad ng anumang pagkilos ng pagdidisiplina o aplikasyon para sa lisensya.



Sino ang maaari kong kontakin kung may mga tanong ako?

Maaaring sagutin ng kawani ng CCAP ang mga pangunahing tanong tungkol sa proseso ng pag-apela ngunit hindi makapagbibigay ng legal na payo. Maaari mong tawagan ang opisina ng CCAP sa telepono sa **(916) 322-6870** o padalhan ng email sa info@ccap.ca.gov.

Para sa mas mga mahihirap na tanong, o para sa mga tanong na nauugnay sa mga katangian ng iyong kaso, dapat mong konsultahin ang isang abugado na may kaalaman tungkol sa batas sa paglilisensya ng cannabis sa California.



Bisitahin ang www.ccap.ca.gov o i-scan ang QR code sa itaas.



CANNABIS
CONTROL
APPEALS
PANEL